# Sinuman ang nag-ayuno sa landas ng Allah ay palalayuin ng Allah ang kanyang mukha mula sa impyerno ng pitumpung taon

Mula kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy -malugod si Allah sa kanya- ay nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allah (pagpalain siya ni Allah at pangalagaan): ((Sinuman ang nag-ayuno sa landas ng Allah ay palalayuin ng Allah ang kanyang mukha mula sa impyerno ng pitumpung taon)).
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nagbigay alam ang Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- na sinuman ang nag-ayuno ng isang araw sa landas ng Allah ang kanyang magiging gantimpala ay palalayuin ng Allah ang kanyang mukha mula sa impyerno ng pitumpung taon; sa pagkat pinagsama niya ang kahirapan ng pakikibaka (jihad), at Murabatah (pagtayo sa landas bilang depensa at seguridad ng bansa) at kahirapan ng pag-ayuno, at ang pagpalayo sa kanya mula sa impyerno, ay magresulta ng paglapit niya sa paraiso, sa pagkat walang iba kundi ang daan patungong paraiso at daan patungong impyerno.Tanbeehul Afham (p 465) Tayseerul Allam (p 346) Ta'seesul Ahkam (v3/385).



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee